Hindi karapat-dapat sa taong Muslim na may isang bagay na itatagubilin dito na magpapagabi ng tatlong gabi malibang habang ang tagubilin niya ay nasa kanya na nakasulat

Ayon sa Anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Siya ay nakarinig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Hindi karapat-dapat sa taong Muslim na may isang bagay na itatagubilin dito na magpapagabi ng tatlong gabi malibang habang ang tagubilin niya ay nasa kanya na nakasulat."} Nagsabi si `Abdullāh na anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Walang nagdaan sa akin na isang gabi magmula ng nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi niyon malibang habang nasa akin ang tagubilin ko.}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na hindi nararapat sa isang Muslim na may isang bagay na itatagubilin dito na mga karapatan o mga ari-arian, kahit pa man ang mga ito ay kaunti, na magpagabi siya nang tatlong gabi malibang habang ang tagubilin niya ay nakasulat sa kanya. Nagsabi si `Abdullāh na anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Hindi ako nagpagabi ng isang gabi magmula ng nakarinig ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi niyon malibang habang nasa akin ang tagubilin ko.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5831